

Pagpili ng Lugar para sa Pagsubaybay ng Hangin sa Komunidad ng Benicia

Mga Madalas Itanong



Bakit maglalagay ang Air District ng istasyon para sa pagsubaybay ng hangin sa Benicia?

Ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Air District) ay may pinapatakpong network ng mga istasyon para sa pagsubaybay ng hangin para masubaybayan nang tama ang mga antas ng polusyon sa hangin bilang bahagi ng tuluy-tuloy na pagsisikap na protektahan ang pampublikong kalusugan at kapaligiran. Bagama't nakakakuha ang network para sa pagsubaybay ng hangin ng District ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga karaniwang antas ng pagpaparumi sa hangin sa lungsod, posibleng hindi nito matukoy ang mga lokal na pagkakaiba sa mga konsentrasyon sa mga komunidad gaya ng Benicia na nakakaranas ng pinagsamang pagpaparumi sa hangin na mula sa mga refinery ng petrolyo at iba pang malapit na pinagmumulan. Para makapagbigay ng higit pang impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin na nararanasan ng mga komunidad malapit sa mga refinery, nangongolekta ng bayarin ang Air District para magawa nitong maglagay, magpatakbo, at magpanatili ng mga pangmatagalang istasyon para sa pagsubaybay ng hangin sa mga lugar na ito. Magbibigay ang mga istasyong ito para sa pagsubaybay ng hangin ng karagdagang halos real time na data ng kalidad ng hangin para sa iba't ibang polusyon na nauugnay sa refinery.

Kasama sa mga pagsisikap para sa pagsubaybay ng hangin o mga emisyon na kasalukuyan nang isinasagawa o pinaplano sa Benicia ang:

- pagsubaybay sa fenceline, pagsubaybay sa ground, pagsusuri ng pinagkukunan, at pagsusubaybay ng emisyon na isinasagawa ng Valero sa refinery nito nang may pagsubaybay ng Air District;
- ang istasyon ng Programa sa Pagsubaybay ng Hangin sa Komunidad ng Benicia (Benicia Community Air Monitoring Program, BCAMP) ng Good Neighbor Steering Committee malapit sa daungan; at
- programa sa pagsubaybay ng pagtugon sa mga insidente ng Departamento ng Mga Bumbero ng Lungsod ng Benicia.

Ang data mula sa bagong lugar ng Air District para sa pagsubaybay ng hangin sa komunidad sa Benicia ay magagamit kasama ng data na nakokolekta sa iba pang nasabing pagsisikap sa pagsubaybay.



Paano pumili ang Air District ng mga posibleng lokasyon para sa istasyon sa pagsubaybay ng hangin sa komunidad ng Benicia?

Sa pagpili ng naaangkop na lokasyon para sa pangmatagalang istasyon para sa pagsubaybay ng hangin, maraming iba't ibang salik na dapat balansehin:

1. **Mahalaga ang distansya sa mga pinagmumulan ng polusyon sa hangin mula sa refinery at iba pang pasilidad** dahil nakadepende ang mga antas ng polusyon sa hangin sa dami at mga uri ng mga emisyon mula sa mga malapit na pinagmumulan, pati sa meteorolohiya at mga kemikal na reaksyon sa hangin.
2. **Ang mga karaniwan at episodiko na meteorolohiko na kundisyon ay nakakatulong** sa pagtukoy sa mga lugar na madalas na downwind ng mga partikular na pinagmumulan ng emisyon. Bagama't mahalagang salik ang karaniwang meteorolohiya, ang mga araw kung kailan kalmado o pabagu-bago ang hangin ay puwede ring magresulta sa pagkakalat ng mga polusyon sa lugar malapit sa isang pinagmumulan.
3. **Input mula sa komunidad at iba pang pagsasaalang-alang sa kalagayan ng komunidad** gaya ng distansya sa mga taong may mas malaking posibilidad na magkaroon ng mga epekto sa kalusugan dahil sa polusyon sa hangin.
4. **Naaangkop dapat ang lugar sa paligid sa pagsubaybay ng hangin**, pagiwas sa tampok na topograpiya, matataas na gusali, mga puno, o iba pang harang na puwedeng makaapekto sa pag-ihip ng hangin sa pagitan ng mga pinagmumulan ng emisyon at mga monitor.
5. **Mahalaga ang logistics ng lugar** pati ang ligtas na lokasyon, walang abalang access sa kuryente at telekomunikasyon, at ligtas na access para sa mga operator ng istasyon sa tagumpay ng pangmatalagang tuluy-tuloy na operasyon.
6. **Mahalaga ang pangmatagalang availability** ng lugar para magawa ng lokasyon para sa pagsubaybay na manatili sa iisang lugar nang mahabang panahon (ilang taon o dekada).

Para matukoy ang mga posibleng lugar para sa karagdagang pagsubaybay ng hangin sa Benicia, sinuri ng Air District ang available na data ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin at meteorolohiya, pagtantiya ng mga emisyon mula sa mga malapit na pinagmumulan, data ng pagmomodelo ng kalidad ng hangin, at input na natipon mula sa mga pagpupulong ng komunidad. Gamit ang impormasyong ito, nakipagtulungan ang Air District sa Lungsod ng Benicia para matukoy ang mga sumusunod na posibleng lokasyon na nakakatugon sa mga pamantayan sa itaas: Duncan Graham Park, Benicia Public Library, at Benicia Fire Museum.

Sa virtual na pagpupulong na ito, magkakaroon ng pagkakataon ang mga miyembro ng komunidad at stakeholder na magbigay ng opinyon sa pagpili sa pinal na lugar. Kapag napili na ang lugar para sa istasyon para sa pagsubaybay ng hangin sa komunidad, sisimulan nang itayo ng Air District ang istasyon para sa pagsubaybay.



Ano ang susukatin ng istasyon para sa pagsubaybay ng hangin sa komunidad at saan namin maa-access ang data nito?

Gagamit ng iba't ibang kumplikadong instrumento para tuluy-tuloy na masubaybayan ang kapaligiran na hangin para sa mga polusyon na karaniwang ine-emit ng refinery at iba pang malapit na pinagmumulan. Tinutukoy pa ng Air District kung aling mga polusyon sa hangin at meteorolohiko na kundisyon ang susukatin sa istasyon para sa pagsubaybay ng hangin sa komunidad ng Benicia, pero posibleng kasama sa mga susukating polusyon ang mga sumusunod:


Mga particle

Pinong particulate matter (PM_{2.5})
Black carbon



Mga gas

Sulfur dioxide
Mga nitrogen oxide
Hydrogen disulfide
Kabuuang volatile na organic na compound (volatile organic compound, VOC)
Mga partikular na indibidwal na VOC, gaya ng benzene at toluene



Layunin ng Air District na makipagtulungan sa komunidad at iba pang interesadong stakeholder para mapahusay ang pag-access sa data ng pagsubaybay ng hangin na kinokolekta namin. Magiging available ang paunang data sa website ng Air District nang halos totoong oras (real-time), at magiging available ang pinal na data kapag dumaan na ito sa aming proseso ng kalidad ng katiyakan.



Ano ang hitsura ng mga istasyon para sa pagsubaybay ng hangin ng Air District?

Gumagamit ang mga istasyon para sa pagsubaybay ng hangin ng Air District ng mga kumplikadong instrumento na tuluy-tuloy na sumusubaybay sa paligid na hangin para sa mga partikular na polusyon. Dahil napakasensitibo ng mga nasabing instrumento, dapat panatilihin ang istasyon sa isang partikular na hanay ng temperatura, ang kagamitan ay pinapanatili sa sariling silungan o panloob na espasyo na may direktang access sa bubong. Direktang ilalagay ang ilang partikular na uri ng mga monitor sa bubong ng silungan habang magdadala ang isang sampling line ng hangin mula sa itaas ng istasyon papunta sa mga instrumento na matatagpuan sa loob. Maraming istasyon para sa pagsubaybay ng hangin ang may tore ng meteorolohiko na may mga sensor na sumusukat ng bilis ng hangin, direksyon ng hangin, at iba pang meteorological na parameter. Bagama't nakalagay ang marami sa aming mga istasyon para sa pagsubaybay sa mga mobile na trailer, kadalasan, layunin ng mga itong mangolekta ng pangmatagalang data at manatili sa iisang lokasyon kapag may napili nang lugar.



Aktibong Istasyon para sa Pagsubaybay ng Hangin ng Distrito



Rack ng Instrumento sa mga Karaniwang Istasyon para sa Pagsubaybay ng Hangin

